# ANG IKATLONG DEKADA: ANG SITWASYON AT MUNGKAHING PAGPAPAUNLAD NG PANITIKANG PAMBATA SA PILIPINAS (2000-2009)

**ni Eugene Y. Evasco**

Nilalayon nitong pag-aaral na maitala ang mahahalagang pangyayari sa panitikang pambata sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng dokumentasyong ito, maghahain ng preliminaryong pagsusuri kaugnay sa produksiyon at sa mga aspekto ng produksiyon sa panitikang pambata mula 2000 hanggang 2009. Tiyak nitong susuriin ang tagumpay at suliranin na naging marka sa ikatlong dekada ng modernong panitikang pambata.

Bilang pagbabalik-tanaw, narito ang mga napagtagumpayan ng panitikang pambata sa bansa sa nakaraang dalawang dekada. Sa unang dekada (1979-1989), naitatag ang kauna-unahang matagumpay na palimbagan ng mga aklat pambata sa bansa, ang Children's Communication Center na kilala ngayong Adarna House (1980). Mahalaga ang produksiyon nito dahil sa pagtugon sa malaking kakulangan ng mga aklat para sa batang Filipino. Dagdag pa rito, naitatag rin noong 1984 ang samahang nagtataguyod sa pag-unlad at pagtangkilik ng panitikang pambata, ang Philippine Board on Books for Young People. Nakilala rin sa dekadang ito ang mga ambag nina Virgilio S. Almario, Rene O. Villanueva, at Amelia Lapena-Bonifacio sa produksiyon ng mga aklat at dulang pambata. Ito rin ang panahong unang nagkaroon ng palihan para sa pagsulat para sa bata sa taguyod ng UP Creative Writing Center noong 1983. Napasimulan din ang kategorya ng maikling kathang pambata sa Gawad Palanca noong 1989.

Panahon ng pagsasalehitimo ng anyo ang ikalawang dekada (1990-1999). Sa dekadang ito, unti-unti nang kinikilala ang panitikang pambata bilang lehitimo at sineseryosong panitikan. Dumarami ang nagkakainteres sa pagsulat para sa bata. Patunay dito ang paglalathala ng mga premyadong manuskrito mula sa patimpalak ng PBBY at ng Palanca. Naging asignatura ito sa akademya, partikular na ang pagsulat at pagguhit para sa bata. Naitatag ang mga propesyonal na organisasyon tulad ng Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang InK) noong Hunyo 1991 at ang Kuwentista ng mga Tsikiting (KUTING) noong 1995. Gayundin, nagkaroon ng sariling samahan ang mga tagapagsalaysay noong 1999, ang Alitaptap Storytellers Philippines. Higit pang naging maunlad ang produksiyon ng mga aklat nang lumitaw ang pagsisikap ng Tahanan Books for Young Readers (1992) na naglathala ng mga talambuhay, diksiyonaryong pambata, mga antolohiya ng panitikang-bayan, at ng mga aklat ng impormasyon tungkol sa kalikasan ng bansa.

Susuriin ang ikatlong dekada ng modernong panitikang pambata batay sa mga sumusunod na aspekto: (1) paglawak ng depinisyon ng panitikang pambata, (2) paglalathala ng mga radikal na akdang pambata, (3) panitikang likha ng bata at paglalathala mula sa rehiyon, (4) pag-usbong ng mga aklatang pambata at *online digital library*, (5) kritisismo at iskolarsyip, (6) mga bisa ng mga patimpalak at gawad, (7) mga organisasyon, at (8) ang nagsasalungatang bisa ng retelling o muling pagsasalaysay. Sa huli, maglalaan ang mananaliksik ng ilang mga rekomendasyon tungo sa higit na pag-unlad ng panitikang pambata sa bansa sa susunod nitong dekada. At para sa layunin ng dokumentasyon, naghanda rin ang mananaliksik ng *timeline* ng mga ipinapalagay na tagumpay ng panitikang pambata sa Pilipinas mula sa taong 2000-2009.

## Paglawak ng Depinisyon ng Panitikang Pambata

May tatlong paratang sa kasalukuyang produksiyon ng panitikang pambata sa Pilipinas. Ayon kay Virgilio S. Almario, dumarami ang aklat pambata pero hindi umuunlad ang uri nito. Nasabi niya ito noong 2007 at binansagan pa ang produksiyon na may "hot pandesal mentality." Ibig sabihin, naggagayahan ang mga tagapaglathala kung ano ang uri at anyo ng aklat

pambata na bumebenta sa merkado. Sa ganito ring okasyon, nasabi ni Dr. Roland Tolentino na "masyadong wholesome" ang panitikang pambata. Mangyari'y taong 2002 pa nang punahin ng Manila Critics' Circle na "kulang sa orihinalidad" ang mga aklat pambatang nalathala kaya hindi sila kumilala ng nagwagi para sa Pinakamahusay na Aklat Pambata.

Tunay namang may batayan ang ganitong puna ng mga kilalang kritiko sa panitikang Filipino. Lantad sa produksiyon ang panggagad ng anyo, tema, at maging ang sukat ng mga aklat pambata. Sa mundo ng komersiyal na paglalathala, hindi maiiwasan na sundin ang pormula ng mga bumebentang aklat. Halimbawa, mas mabenta ba ang aklat sa dalawang wika (i.e. Ingles at Filipino)? Anong sukat ng aklat ang higit na pinipili ng mga mambabasa? Magkano ang itatakdang presyo para sa mga aklat na hindi gaanong mabigat sa bulsa ng mga mamimili? Nais ba ng mga mambabasa ang muling pagsasalaysay ng mga alamat at iba pang uri ng panitikang-bayan?

Sa ganitong suliranin, napilitang maglabas ng anunsiyo ang Aklat Adarna na "sila ang orihinal" sa nasabing anyo, sukat, presentasyon ng aklat pambata sa paglipana ng mga aklat pambata ng OMF at Lampara na sumusunod sa mga estilo at format ng kanilang mga produkto.

Dulot na rin ng komersiyal na pakay sa paglalathala kaya nagiging magkakauri ang mga nilalaman ng aklat pambata. Tunay ngang dumarami ang mga aklat pambata, lalo na noong 2002 hanggang 2003 nang maglabas ang Lampara Books ng mga muling pagsasalayay ni Rene O. Villanueva. Mabuti na lamang at may sariling tatak ang OMF (sa bisa ng kanilang Hiyas Books) na nakasentro sa mga kuwentong medikal ni Luis Gatmaitan.

Gayunpaman, hindi naman masasabing walang bagong naihapag ang ikatlong dekada sa uri, anyo, at nilalaman ng mga aklat pambata. Sa panahong ito, nailathala ang mga sumusunod na aklat na maituturing na bago at may hatid na sariwang hangin sa nasabing anyo. Ito ang mga aklat na hindi maituturing na sumusunod lamang sa anyo ng *picture book* na palasak na anyo ang panitikang pambata sa bansa.

- Paglitaw ng kalipunan ng tulang pambata. Hindi na naitatali sa lantarang pangangaral at gasgas na pananalinghaga ang mga tulang pambata. Malaki ang ambag ng *Hale! Hale! Hoy!* (2006) sa pagbibigay ng ugat sa mga mambabasa sa yaman ng tulang pambata sa bansa. Naglalaman ito ng mga bugtong, salawikain, awiting-bayan, at maiikling berso na maituturing na ugat ng tulang pambata sa bansa. Gayundin ang *Children of Two Seasons* (2008) ni Lara Saguisag na naglalaman ng masiste at kontemporaryong sitwasyon, taliwas sa pagiging romantiko at sentimental ng kalakhan ng tulang pambatang mababakas sa mga teksbuk sa elementarya.

- Pagkakalathala ng kauna-unahang *young adult* (YA) *verse novel* sa bansa na *Displaced* (Adarna, 2009) ni Aneka Rodriguez. Ito ang pagtatangka ng isang Filipino na lumikha ng nauusong anyo ng nobela sa US na binubuo ng mga *blank verse* o mga tulang naratibo. Kilalang akda nito ay ang *Out of the Dust* (1997) ni Karen Hesse, *Love That Dog* (2001) ni Sharon Creech, at *True Believer* (2001) ni Virginia Euwer Wolff.

- Paglalathala ng kalipunan ng mga dulang pambata. Ito ang katangi-tanging ambag ni Arthur Casanova sa larangan ng panitikang pambata. Bukod sa pagiging mandudula at iskolar, nakilala rin siya bilang antolohista ng mga dulang pambata. Sa tulong ng UST Publishing House, nailathala niya ang panimulang pag-aaral sa kasaysayan ng dulang pambata sa Pilipinas. Gayundin, may nalathala na siyang limang kalipunan ng mga dulang pambata na isinulat ng iba pang kilalang mandudula para sa bata gaya nina Tony Perez, Luna Sicat-Cleto, Ruth Elynia-Mabanglo, Edna Mae Landicho, Rene Villanueva, at Frank Rivera.

- Paglalathala ng mga aklat pambata kaugnay sa proteksiyon ng bata laban sa seksuwal na pang-aabuso. Nauna nang nalathala noong 1997 ang *Ang Batang Ayaw Gumising* ni Rene Villanueva, isang kuwento tungkol sa seksuwal na pagmolestiya sa isang bata. Nananatili lamang kontrobersiyal at mapangahas ang akdang ito. Mahalaga ang ambag ng mga aklat gaya ng *Hoy bata! Mahalaga ka! Sina Biboy at Nina para sa patakaran ng ligtas na paghawak* (2006), *Ang aking aklat para sa pansariling kaligtasan* (2003), at ang *Erika and Jay Learn the Touching Rules* (2005) na inilathala ng Center for the Protection and Treatment of Child Sexual Abuse dahil tinukoy niya ang mga tiyak na

paraan kung paano maiiwasan ng mga bata ang anumang pang-aabuso. Naghain din ito ng mga pagsasanay kaugnay sa ligtas na paghawak.

- Produksiyon ng mga pelikulang pambata at ng mga *full-length animation* para sa bata. Tatak ng ikatlong dekada ang produksiyon ng mga pelikulang pambata. Ilan sa mga ito ay ang premyadong *Magnifico* (2003) at ang *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005) sa panulat ni Michiko Yamamoto. Taong 2008 naman nang kapuwa naipalabas ang full-length animation sa bansa na *Dayo* at ang *Urduja*.

- Sa bisa ng mga sumusunod na proyekto, nagkaroon ng bagong anyo at nilalaman ang produksiyon ng aklat pambata. Halimbawa nito ay ang serye ng mga talambuhay ng mga ginawaran ng Ramon Magsaysay Foundation (Bookmark, 2007). Malaking tulong ito sa pagpapakilala sa mga batang Filipino sa kadakilaan ng mga Asyano sa iba't ibang larangan gaya ng medisina, siyensiya, kawanggawa, at sining. Itinaguyod naman ng Ayala Foundation (2004) ang *ekphrasis* o ang paglikha ng mga kuwento batay sa mga sining-biswal nina Fernando Amorsolo, Juan Luna, at Fernando Zobel.

- Kaugnay sa kapangahasan sa tema o usapin sa kuwento, dapat kilalanin ang mga kuwentong nalathala gaya ng *Jamin, Ang Batang Manggagawa* (2001) na tungkol sa karanasan ng batang manggagawa, ang kuwentong tumatalakay sa paghihiwalay ng magulang sa *Mama's House, Papa's House* (2004), "Mga Ikaklit sa Aming Hardin" (2006) na tumatalakay sa magulang na lesbiyana, "A Different Rabbit" (2006) na isang kuwentong pambata na tumatalakay sa pagiging iba o sa pagkabakla, *Ang Mundo ni Leo* (2002) na pumapaksa sa batang naipit sa digmaan sa Mindanao, at ang *War Makes Me Sad* (2003) na tumatalakay rin sa suliraning pangkapayapaan sa timog ng bansa.

- Sa usapin ng pagpapanukala ng bagong anyo sa panitikang pambata, marapat kilalanin ang inisyatiba ng Adarna House. Hindi lamang maituturing na tagapanguna ang nasabing palimbagan, maituturing din itong tagapagtaguyod ng mga bagong anyo ng aklat. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang ensayklopedik na aklat-reperensiya ng mga impormasyon at pangkulturang kaalaman para sa batang Filipino (ang *100 Questions Filipino Kids Ask* at *101 Filipino Icons*). Noong 2006, ipinakilala nila ang konsepto ng *interactive book* na pinaghahalo ang elemento ng laruan at aklat sa bisa ng *Dinosaur*

*Pop-Up Activity Book* ng arkitektong si Jomike Tejido. Dagdag pa rito ang paglalathala ng Adarna ng *book boards* para sa mga edad 1 hanggang 2. Pinamagatan itong *The World Around Me (Ang Aking Paligid)* (2008) na may dalawang bersiyon. Nilalayon ng mga aklat na ito na ipakilala sa mga bata ang mga karaniwang bagay gaya ng muwebles, damit, sasakyan, alagang hayop, at ang kalikasan. Bukod dito, marapat ding kilalanin ang *Sabrina's Cookbook Diary* (Boobooks Publishing, Inc., 2002) na pinaghalo ang anyo ng kuwento at mga recipe sa isang aklat pambata.

## Paglalathala ng mga Radikal na Akdang Pambata

Gayumpaman, kapansin-pansin sa paglalathala ng mga radikal at pangahas na kuwento at aklat pambata ay nasa taguyod ng mga *non-government organization*, sa tulong pinansiyal ng UNICEF, o kaya'y nailalahok sa antolohiya ng mga akademikong tagapaglathala. At dahil hindi mapagkakakitahan ang mga pangahas na akda, bibihirang makita sa mga estante sa bookstore ang mga radikal na kathang pambata. Nananatili lamang itong alternatibong uri ng publikasyon. Kung kaya sa mata ng isang kritikong hindi sinasaliksik ang kabuuan ng produksiyon, masasabing "wholesome" nga ang panitikang pambata sa bansa. Ang hindi batid ng karamihan, pinakamalaking hamon sa produksiyon ang moda ng komersiyal na paglalathala sa bansa dahil natatabunan nito, sa usapin ng bilang, ang mga manaka-nakang pagsulpot ng kapangahasan.

Isa rin sa dapat tingnan ay kung sino ang nagtataguyod sa paglalathala ng ilang aklat pambata sa bansa. Kadalasan, may partnership ito sa isang establisadong tagapaglathala. Halimbawa nito ay ang Oishi at Bench para sa Adarna. HSBC, McDonald's, at RCBC para sa Kuwentong Kabataan.

## Panitikang Likha ng Bata at Paglalathala Mula sa Rehiyon

Ang paglalathala ng mga akdang isinulat ng bata at ang paglalathala buhat sa rehiyon ng bansa ang humahamon sa kanon at pumupuwing sa komersiyal at mainstream na paglalathala.

Sa larangan ng pagsulat ng mga bata, katangi-tangi ang ikatlong dekada sa pagkilala sa talino ng mga bata bilang manunulat para sa kapuwa nila bata. Taong 2002 nang nalathala ang *The Little Angel Who Lost Her Wing* (Lampara) ni Lian Kyle Dyogi, isang batang mag-aaral sa elementarya. Taong 2006 naman napasimulan ang paligsahang Mga Kuwentong Pambata ng Papica Foundation para sa mga batang manunulat. Ang 15 nagwaging akda ay tinipon at inilathala bilang *May Kuwento Po Ako* at naglalaman ng mga ilustrasyon buhat sa mga kasapi ng Ilustrador ng Kabataan (InK). Dalawa namang aklat ng bata ang nalathala noong 2007—ang nobelang *The Talisman Unsealed* (centralbooks) ni David R. Ples, 13 taong gulang at ang picture book na *You're a Star* (LG&M Corporation) ni Isabelle Clarisse Juria, walong taong gulang.

Noong Abril 2009, nalathala ang *For Children, By Children: Stories in Their Own Words and Pictures* sa taguyod ng Save The Children ng West Visayas. Naglalaman ito ng mga kuwento at ilustrasyon ng 28 manunulat at ilustrador na may edad mula 11-14, na nasa wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Filipino. Ilan sa mga paksain ng kuwento ay sanitasyon, kaligiran, karagatan, nutrisyon, at kagubatan.

Kaugnay sa pagtitiwala sa kakayahan ng mga batang sumulat ay ang pagkilala rin sa kritikal na pananaw ng mga bata. Isang magandang pangyayari sa mga taong 2002-2003 ay ang pagpapabasa at pagpapakilates ng Adarna House ng kanilang mga manuskrito sa mga batang mag-aaral sa elementarya. Hindi lamang ito simpleng *product experiment* o sarbey ng panlasa kundi isang akto ng paggalang sa pangunahing *audience* ng panitikang pambata.
Natatangi ang ABC Educational Development Center, ang kauna-unahang palimbagan ng mga aklat pambata sa labas ng Metro Manila. Pinamumunuan ito ni Mary Ann Floresta ng Kidapawan City. Dapat ding bigyang-pansin paglalathala noong 2009 ng tatlong aklat pambata sa seryeng Kuwentong Katutubo, isinulat ng mga Aeta at Mangyan sa taguyod ng

Pamulaan Center for Indigenous People's Education. Nakasulat ito sa katutubong wika at may salin sa Ingles at sa Filipino.

Kung papansinin ang lokasyon ng mga tagapaglathala, karamihan sa mga ito'y nasa Metro Manila. (Tingnan ang talahanayan.) Kung gayon, kailangan pa ng karagdagang pagsusumikap ng mga manunulat at palimbagan sa mga rehiyon para mabasag ang paniniwalang ang Maynila ang sentro ng pagkamalikhain.

**Talaan ng mga Palimbagan ng Aklat Pambata at Pangkabataan**

| Palimbagan | Lokasyon |
|---|---|
| ABC Educational Development Center | Lungsod Kidapawan, Cotabato |
| Adarna House (Aklat Adarna) | Lungsod Quezon |
| Anvil Publishing, Inc. | Lungsod Pasig |
| Bookmark, Inc. | Lungsod Makati |
| Cacho Publishing House | Lungsod Mandaluyong |
| De La Salle University Press | Maynila |
| Giraffe Books | Lungsod Quezon |
| Lampara Books | Lungsod Quezon |
| Milflores Publishing | Lungsod Quezon |
| National Bookstore | Lungsod Mandaluyong |
| National Commission for Culture and the Arts | Maynila |
| New Day Publishers | Lungsod Quezon |
| OMF Literature (Hiyas Books) | Lungsod Mandaluyong |
| Paulines | Lungsod Makati |
| Psicom Publishing | Lungsod Quezon |
| Rex Book Store | Maynila |
| SGE Publishing, Inc. | Lungsod Valenzuela |

| | |
|---|---|
| Solidaridad Publishing House | Maynila |
| Tahanan Books for Young Readers | Lungsod Makati |
| University of the Philippines Press | Lungsod Quezon |
| University of Santo Tomas Publishing House | Maynila |
| Vibal/ LG&M Corporation (Gintong Salakot/ Chikiting Books) | Lungsod Quezon |

## Pag-usbong ng mga Aklatang Pambata at Online Digital Library

Malaon nang idinadaing ang mahal na presyo ng mga aklat pambata. Sa bansa natin, bibihira ang nakabibili ng sariling aklat pambata para sa mga bata. Mas nabibigyan ng priyoridad ang mga aklat na may kinalaman sa pag-aaral at edukasyon ng isang bata gaya ng teksbuk.

Isang mainam na pagbabago sa ikatlong dekada ay ang paglitaw ng mga aklatang pambata. Hindi nito tinutukoy ang mga school library na matatagpuan sa espasyo ng paaralan. Sa halip, ito ay mga aklatang pambata sa mga pampublikong espasyo gaya ng mall at baranggay na naglalayong mailapit sa bata ang mga aklat pambata.

Taong 2000 nang pasinayaan ang The Children's Library-Ortigas sa taguyod ng Gokongwei Brothers Foundation. Nagsara ang aklatang ito noong Oktubre 2003 upang pasimulan ang dalawang children's library corner sa San Juan Municipal Library at Pasig City Library Learning Resource Center. Nagbuhat ang pagtatayo ng aklatang pambatang ito nang masumpungan ni Lance Gokongwei sa West Mall ng Singapore ang Bukit Batok Community Library. Dagdag pa rito ang pagbubukas ng The Children's Library-Imus (Abril 2001) at The Children's Library-Novaliches (Oktubre 2001).

Mainam ding progreso sa ganitong larangan ang pagbubukas ng seksiyong pambata sa ikalawang palapag ng Pambansang Aklatan noong Hulyo 2007. Naitatag din ang Aklatang Pambata ng Edukasyon para sa Kaunlaran Inc. na naglalayong magtayo ng mga aklatan sa mga komunidad. May suporta rin ang pamahalaan, sa bisa ng DepEd, sa proyektong Library

Hub. Nilalayon nitong magdala ng mga aklat sa mga pampublikong paaralan at itaguyod ang programang "Every Child a Reader by Grade 3."

Dagdag pa rito, nakikinabang na rin ang mga Filipino sa abanteng teknolohiya sa pamamagitan ng mga online library. May higit na sampung aklat pambatang Filipino sa International Children's Digital Library (http://en.childrenslibrary.org/), karaniwa'y mga premyadong aklat na inilathala ng Adarna. Ang organisasyong Center for Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS) naman ay libreng nag-*upload* ng kanilang mga inilathalang aklat pambata sa kanilang *website*. May mga sinaunang aklat pambata at kalipunan ng mga panitikang-bayan sa Pilipinas na naitampok sa Project Gutenberg; may salin din sa Filipino ng mga aklat pambatang klasiko buhat sa Europa sa Children's Book Online: The Rosetta Project. Lahat ng mga ito'y libreng mababasa tungo sa pagiging demokratiko ng pagbabasa ng mga aklat pambata.

## Kritisismo at Iskolarsyip

Natural na mahuhuli ang pag-unlad ng kritisismo sa panitikang pambata sa bansa dahil sa mas nakatuon ang layunin ng mga samahan sa pagpapaunlad ng produksiyon at pagtuklas ng mga manlilikha para sa mga bata. Hanggang ngayon, nakatutok ang mga palihan, seminar, at workshop sa malikhaing pagsulat at ilustrasyon para sa mga bata. Pormalismo o ang pagpapabuti sa kasiningan ang tuon ng mga palihan sa pagsulat. Sa una at ikalawang dekada, nakapokus ang sigasig sa produksiyon ng mga aklat pambata.

Ang tanging kritikal na praktika lamang sa nakaraang dalawang dekada ay ang pagsasagawa ng bibliograpiya ng mga nalathalang aklat pambata (*Children's literature in the Philippines : a bibliography of Filipino and English works 1901-1995*, 1995); ang paglalathala ng *sourcebook* na may mga panimulang sanaysay sa kasaysayan, pagtuturo, at sining ng panitikang pambata (*Bumasa at Lumaya*, 1994); paghahanda ng panimulang kasaysayan (*Multimedia multicultural children's literature in the Philippines: a historical perspective*, 1998); pagsasagawa ng mga interbyu sa mga awtor para mapag-aralan ang konteksto at sining ng paglikha; paghahanda ng manwal sa malikhaing pagsulat (*Writing for children in the Philippines and the third world*,

1979); at pagsasagawa ng mga rebyu bilang uri ng press release o pagpapakilala ng mga bagong-lathalang aklat.

Marka ng ikatlong dekada ang pagkilala sa kritisismo bilang mahalagang larangan sa panitikang pambata. Gayong may antagonismo rito ang ilang manunulat, dahil ang kadalasang pumupuna sa kanilang mga akda ay kapuwa manunulat din at namihasa ang mga manunulat sa mga rebyu na nasa anyo ng press release, sumusulong ang panunuri ng mga akdang pambata. Mahalaga ang kritisismo hindi lamang para pumuna o timbangin ang halaga ng mga aklat; hindi lamang ito simpleng ebalwasyon kung aakma ba sa bata ang teksto o hindi. Sa halip, ideal itong aagapay sa magiging daloy ng produksiyon ng mga aklat pambata.

Sa mga huling taon ng dekada 1980, nalathala ang ilang panunuri at pag-aaral ng mga aklat pambata sa *Lagda, Kultura, RAP Journal,* at *Philippine Journal of Education*. Sa kasalukuyan naman, nalalathala ang mga panunuri nina Carla Pacis, Will Ortiz, Eugene Evasco, Rosario Torres-Yu, Lalaine F. Yanilla Aquino, at Roland Tolentino sa mga *peer-reviewed* o *refereed* na akademikong journal gaya ng *Malay, Diliman Review, Daluyan, Philippine Humanities Review, Journal of English Studies and Comparative Literature, Philippine Journal for Language Taeching,* at *Humanities Diliman.* Mayaman sa posibilidad ang mga pinapaksa ang mga pananaliksik—semiotika ng mga ilustrasyon, *bibliotherapy*, kolonyal na aklat pambata, edukasyong pangkapayapaan, historikal na katha, konsepto ng pagkabayani, at ang pagkabatang Filipino.

Nalathala naman sa mga internasyonal na refereed journal gaya ng *The Lion and the Unicorn, Hornbook, Children's Literature,* at *Children's Literature in Education* sina Will Ortiz, Lara Saguisag, at Rosario Torres-Yu. Dagdag pa rito, nailahok ang mga sanaysay nina Heidi Emily Eusebio-Abad at Lalaine F. Yanilla Aquino sa *Exploring Children's Literature* na inilimbag ng Faculty of Modern Languages and Communication ng Universiti Putra Malaysia noong 2007.

Isang hudyat sa pag-usbong ng kritisismo sa panitikang pambata ay ang paglalaan ng *Diliman Review,* akademikong journal ng UP Diliman, ng isang isyu noong 2004 ukol sa mga pagsusuri ng panitikang pambata. Kabilang sina Ani Almario, Eugene Evasco, Christine Bellen, at Luna Sicat

sa mga nag-ambag ng pananaliksik para sa isyu.

Naisagawa naman noong Hulyo 2007 ang Unang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata sa taguyod ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at ng NCCA. May temang "Tungo sa Gintong Panahon sa Panitikang Pambata" at si Virgilio S. Almario ang nagsilbing pambungad na tagapagsalita. May mga binasang papel tungkol sa *peace education*, rehiyonal na panitikang pambata, estetika ng aklat pambata, historikal na kathang pambata, tulang pambata, mga aklat ng impormasyon, konsepto ng bayani, at ang produksiyon ng mga aklat pambata.

Noon namang Hulyo 16-17, 2009 isinagawa ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa taguyod ng Pilandokan, Inc. (National Research Society for Children's Literature). May temang "Panitikang Pambata sa Edukasyon" ang nasabing kumperensiya at ang tagapangulong tagapagtatag ng Pilandokan na si Dr. Rosario Torres-Yu ang nahirang na maging pambungad na tagapagsalita. Ang mga binasang papel ay may kinalaman sa bata sa telebisyon, programang panliterasi para sa mga batang bingi at batang anak-mahirap, bata sa kolonyal na kasaysayan ng bansa, ang konstruksiyon ng kasarian sa programang pambata, at mga panlipunang usapin na kinasasangkutan ng mga bata.

## Ang Bisa ng Patimpalak at mga Gawad

Kapansin-pansin na maraming gawad at patimpalak pampanitikan sa Pilipinas. Kung susumahin, mas marami pang patimpalak ang ating bansa kumpara sa mga bansang may maunlad na produksiyon ng mga aklat pambata gaya ng France, Japan, at United Kingdom. Pansinin at suriin natin ang talahayan:

| Paligsahan | Kategorya | Tagapagtaguyod |
|---|---|---|
| Catholic Mass Media Award | Best Short Story for Children at ang Best Book for Children and Youth | Archdiocese of Manila |

| | | |
|---|---|---|
| Gawad Ceres Alabado | Taunang gawad para sa natatanging kontribusyon sa panitikang pambata sa anumang anyo | Ceres Alabado Foundation |
| Gawad Carlos Palanca | Taunang paligsahan para sa pinakamahusay na Maikling Kathang Pambata (1989) at Tulang Pambata (2009) | Don Carlos Palanca Memorial Foundation |
| NCCA Writer's Prize | Nagbibigay ng writing grant sa anyo ng paligsahan para sa kuwentong pambata | National Commission for Culture and the Arts |
| Gawad Komisyon sa Kuwentong Pambata | Kuwentong Pambata (2007 at 2008) | Komisyon sa Wikang Filipino |
| Gawad Rogelio Sicat | Kuwentong Pambata (2007-2009) | UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas |
| Gawad Ustetika | Kuwentong Pambata (nahinto ang kategoryang ito noong 2002) | University of Santo Tomas |
| Romeo Forbes Short Children's Storywriting Competition | Kuwentong Pambata (2006-kasalukuyan) | CANVAS (Center for Art, New Ventures and Sustainable Development) |
| National Book Award | Literaturang Pambata at Young Adult Literature para sa pangkalahatang produksiyon | Manila Critics' Circle at National Book Development Board |
| Gintong Aklat Award | Literaturang Pambata (Aklat Pambata) para sa pangkalahatang produksiyon | National Book Development Board at Book Development Association of the Philippines |

| | | |
|---|---|---|
| PBBY-Salanga Writer's Prize/ PBBY-Alcala Illustrator's Prize | Kuwentong Pambata at Ilustrasyong Pambata<br>Tulang Pambata (2009) | Philippine Board on Books for Young People at Cultural Center of the Philippines |
| Pilar Perez Medallion for Young Adult Literature | Nobelang Pangkabataan (2001-2002) | Adarna House at Filipinas Heritage Library |
| Premio Tomas Arejola para sa Literaturang Bikolnon | Osipon na Pan-aki (Kuwentong Pambata)<br>(2005-kasalukuyan) | Arejola Foundation for Social Responsibility |

**Talaan ng mga Paligsahan at Gawad sa Panitikang Pambata**

Sa mga bansa gaya ng United States at United Kingdom, ang mga prestihiyosong gawad gaya ng Newbery Medal, Caldecott Medal, Greenaway Medal, Carnegie Medal, at National Book Award for Young People's Literature ay iginagawad sa kahusayan at kagalingan ng aklat o produktong nakalathala. Iba ang kaso sa Pilipinas.

Sa ating bansa, karamihan sa mga paligsahan sa panitikang pambata ay panghikayat para makapagsulat ng mainam na manuskrito. Imbitasyon din ito upang maparami ang magkainteres sa isang anyong di napapansin, gaya na lamang ng pagbubukas ng kategorya ng tulang pambata (sa wikang Ingles at Filipino) sa Gawad Palanca noong 2009. Sa madaling sabi, ang paligsahan at gawad sa bansa ay paraan upang itaguyod ang anyo at paramihin ang produksiyon. Taliwas ito sa birtud ng gawad na kinikilala ang kahusayan ng isang buong produkto.

Hindi rin naman masisisi ang mundo ng panitikan sa ganitong pangyayari. Tila nagiging mahalaga ang mga gawad at pagwawagi sa paligsahan dahil isa ito sa nagiging batayan ng tagapaglathala sa pagtanggap ng manuskrito. Sa ibang pagkakataon, gaya ng PBBY-Salanga Prize at Romeo Forbes Contest, kasama sa premyo ang paglalathala ng manuskrito bilang aklat.

Sa komersiyal ding konteksto, may pang-akit ang mga aklat na may gintong medalya sa mga mamimili gaya ng magulang—isang patunay sa kahalagahan ng teksto.

Dagdag pa, labis na competitive ang larangan ng panitikang pambata sa Pilipinas. Maraming nais sumulat ngunit kakaunti ang nabibigyan ng pagkakataong malathala bilang isang aklat pambata. Sa pamamagitan ng paligsahan, namumuhunan ang mga manunulat upang magkaroon ito ng kapangyarihan at espasyo sa larangan ng paglalathala.

### Mga Organisasyon

Sa kasalukuyan, nagsasanib at nagtatalaban ang mga samahang at organisasyong nagnanais ng pagsulong at pag-unlad ng panitikang pambata sa Pilipinas. May mga organisasyong nais paunlarin ang kanilang sining para sa mga bata gaya ng KUTING at ng InK. May mga organisasyong nagtataguyod sa karapatan ng mga bata sa edukasyon at mainam na babasahing pampanitikan. May nagbabantay sa kalidad ng mga aklat pambata; may

| **Organisasyon** | **Itinataguyod** |
|---|---|
| Philippine Board on Books for Young People (PBBY) | Multi-sektoral na samahan na nagtataguyod sa pagpapaunlad at produksiyon ng mga aklat pambata |
| Kuwentista ng mga Tsikiting (KUTING) | Propesyonal na samahan ng mga manunulat para sa bata |
| Ilustrador ng Kabataan (InK) | Propesyonal na samahan ng mga ilustrador ng mga aklat pambata |
| Alitaptap Storytellers Philippines | Propesyonal na samahan ng mga tagapagsalaysay para sa bata |
| Pilandokan, Inc. (National Research Society for Children's Literature) | Samahan ng mga iskolar at mananaliksik kaugnay sa panitikang pambata at pagkabata (childhood) |
| Sa Aklat Sisikat Foundation (SAS) | Propesyonal na organisasyon na nagtataguyod ng pagbabasa sa mga batang Filipino |

| | |
|---|---|
| Aklatang Pambata (Edukasyon para sa Kinabukasan, Inc.) | Organisasyong naglalayong mabigyan ang lahat ng pagkakataon sa edukasyon sa pamamagitan ng boluntarismo, pag-oorganisa ng komunidad, at pamamahala ng aklatan |
| The Children's Library (Gokongwei Brothers Foundation) | Nagtataguyod ng multimedia na aklatang pambata para sa mga mag-aaral sa elementarya |
| Society of Children's Book Writers and Illustrators (SCBWI) Philippines and Asia-Pacific | Samahan ng mga manunulat at ilustrador tungo sa pagpapahusay ng sining |
| Museo Pambata | Pribadong samahan na nagtataguyod ng karapatang pambata at ng Filipinong kultura at edukasyon sa mga batang Filipino |
| Reading Association of the Philippines | Samahan ng mga edukador tungo sa pagpapahusay ng pagtuturo sa pagbabasa |

naglalayong turuan ang mga guro ng epektibong paraan ng pagtuturo. Magkakaiba man ng samahan, lahat ay nagkakaisa at namumuhunan sa magandang kinabukasan para sa bata at sa bansa.

**Talaan ng mga Organisasyong Nagtataguyod ng Panitikang Pambata**

## Ang Nagsasalungatang Bisa ng Retelling

Ang *retelling* o ang muling pagsasalaysay ang namamayaning moda sa pagsusulat at produksiyon ng mga aklat pambata sa ikatlong dekada. Bawat pangunahing tagapaglathala sa bansa ay may maihahandog na retelling ng mga panitikang-bayan at klasikong aklat pambata buhat sa Europa. Kapansin-pansin na ang mga aklat pambata sa mga bansang Vietnam, Japan, France, Thailand, Cambodia, Korea, at maging sa Morocco ay pangunahing nagtatampok ng mga retelling ng kanilang sariling panitikang-bayan. Muling pinatutunayan na ang panitikang-bayan ng anumang bansa ay mayamang mina ng mga kuwento at idea.

Sa unang tingin, ang retelling ng *folklore* ay isang paraan sa kultural na pagkatuto ng mga batang mambabasa. Ngunit may subersibo rin itong layunin na sagkaan ang pamamayagpag ng mga aklat mula sa US at UK. Sa bansa, matinding kalaban ang *Harry Potter, Twilight,* at ang mga nobelang napagkalooban ng Newbery/Caldecott Medal at Honor. Kung gayon, ang muli't muling produksiyon ng mga panitikang-bayan ay pagharang sa pamamayaning pangkultura ng mga dayuhan sa kamalayan ng mga batang Filipino.

Subalit, may makikitang dalawang problema ng namamayaning retelling sa bansa. Una ay ang tinatawag na "*dumbing down*" ng panitikan at ang ikalawa ay ang labis na komersiyalismo sa panitikang-bayan.

Tinatawag na "dumbing down" ang pagpapasimple ng mayamang wika ng panitikang-bayan o ng anumang klasikong akda. May mga pagkakataon na kailangang dumaan sa rebisyon ang mga sinaunang teksto upang matanggal ang bilang ng seksismo at karahasan sa isang teksto. Ang hindi katanggap-tanggap ay ang "pagpapapagaan" ng mga kuwento upang umakma sa bata. Para na ring ininsulto ang kakayahang mag-isip at magbasa ng mga bata. Taliwas din ito sa paniniwala ni Philip Pullman na "kailangan ng bata ng magandang wika." Ito rin ay inireklamo ni Virgilio S. Almario nang sinuri niya ang mga komersiyal at pinagaang bersiyon ng mga aklat gaya ng *Florante at Laura* at mga klasikong nobela ni Rizal.

Ikalawang suliranin na mababakas sa retelling ay ang labis na komersiyalismo. Ito ang lantad na produksiyon sa ngayon ng Lampara Books, Anvil Publishing, at Tahanan Books for Young Readers. Pansinin ang kanilang line-up ng mga serye ng retelling:

**Lampara Books**
Aesop's Fables (6 aklat)
Adventures of Carancal (6 aklat)
Classic Stories (Gulliver's Travel & Robin Hood)
Classic Legends (9 aklat)

Illustrated Classics Edition (The Wizard of Oz)
Si Juan Tamad (5 aklat)
Stories with Moral Lessons (mga parabula, pabula, fairy tales, mitolohiyang Griyego, kuwento mula sa Bibliya, 36 aklat)

**Tahanan Books for Young Readers**
Noong Unang Panahon (mga kuwento ni Hans Christian Andersen)
Mga Kuwento ni Lola Basyang
Sa Dako Paroon (mga kuwento ng Brothers Grimm)
Greek Myths (3 aklat)

**Anvil Publishing**
Mga Kuwento ni Lola Basyang (15 aklat)

Maiuugat ang ganitong kalakaran sa mga sumusunod na dahilan: (1) walang bayad ang retelling dahil public domain na ang mga teksto gaya ng mga pabula ni Aesop, (2) mura at "pakyawan" ang maibabayad sa muling tagapagsalaysay, (3) may bentahe na agad sa publiko ang mga aklat dahil sa klasiko ang mga ito at popular, at (4) may malaking potensiyal itong mai-market at maipagbili sa ibang bansa dahil sa unibersal nitong nilalaman.

Hindi naman sa kinakastigo ang komersiyal na paglalathala. Isang negosyo ang paglalathala ng mga aklat pambata. Ngunit ang maitatanong sa mga tagapaglatahala, may puwang pa ba sa mga orihinal na akda? Paano mapauunlad ang pambansang panitikang pambata kung mamimihasa lamang sa mga retelling ng mga angkat pang mga teksto gaya ng mitolohiya ng mga Griyego at pabula ni Aesop? Ang dapat sanang retelling na may layuning *cultural literacy* ay napapalabnaw ng layuning komersiyal ng tagapaglathala.

Iniharap sa sinundang pagtalakay ang tala ng pinakamahahalagang pangyayari sa ikatlong dekada, gayundin ang mga importanteng usapin sa pag-unlad ng panitikang pambata sa bansa. Sa biglang tingin, mamamalas ang iba't ibang pangyayaring naghihimatong ng ibayong sigla, ng mga puwang para sa pagbabago at pag-unlad. Gayunman, natutukoy din

ng mga talang ito ang mga luma at bagong suliranin. Ang susunod ay pagpapanukala ng ilang mga gawain at pangyayaring ipinapalagay na magbubukas ng mga bagong tunguhin at pagkakataon.

## REKOMENDASYON

Gaya ng nabanggit, ang kritisismo sa panitikang pambata ay hindi nangangahulugang pagpuna o pagbatikos lamang. Sa diwa ng kritisismong pagbibigay-patnubay sa landas na tatahakin ng isang anyong pampanitikan, nais maihapag ang mga mungkahi tungo sa higit na maunlad na panitikang pambata sa hinaharap.

- Kailangan ng pagpapasimula ng retelling ng mga Asyanong panitikang-bayan kumpara sa namamayaning Kanluraning mga teksto. Mahalaga ito upang magkaroon naman ng kamalayang Asyano ang mga batang mambabasa sa pamamagitan ng pagkilala sa mga alamat, mito, at *fairytale* ng mga kapitbansa.
- Kailangan ding maipagpatuloy ang pagsasalin ng mga klasikong panitikang pambata mula sa Asya, gaya ng natigil na proyekto ng Solidaridad Publishing House sa tulong ng Toyota Foundation noong dekada 1980.
- Mahalagang pasimulan na, sa tulong ng mga aklatang pang-unibersidad, ang pangangalaga ng mga manuskrito, unang borador, kuwaderno, at papeles ng mga pangunahing manunulat at ilustrador ng mga aklat pambata sa bansa. Kapag magagawa ito, magkakaroon ng higit na lalim at sidhi ng pag-aaral ang mga iskolar sa buhay at gawa ng isang manlilikha. Halimbawa, dapat pasimulan na ang pangangalaga sa mga dokumento ng yumaong sina Rene O. Villanueva at Albert Gamos.
- Marapat ding magkaroon ng *digital file* at mabuksan sa publiko ang ilan pa sa mga klasikong akdang pambata gaya ng serye ng *Philippine Readers* ni Camilo Osias at ang orihinal na mga aklat pambata nina Ceres Alabado, ni Nick Joaquin, at ng mga kuwentong nagwagi sa PAMANA noong dekada 1960. Dagdag pa rito ay ang mga

naunang aklat na nailathala ng Children's Communication Center, na *prototype* ng kasalukuyang Aklat Adarna.

- Kailangan pang pagyamanin at paunlarin ang kritisismo, pagteteorya, at pag-aaral kaugnay sa bata at pagkabatang Filipino.
- Suportahan ang paglalathala ng mga aklat pambata buhat sa mga rehiyon at ang produksiyon ng mga malikhaing akda ng mga bata. Kaugnay nito, kailangan ding paunlarin ang paglalathala ng mga aklat pambata sa rehiyonal na wika ng bansa.
- Kailangang makalap at magpag-aralan ang mga radikal na panitikang pambata gaya ng likha ng kilusang lihim. Makatutulong ito upang lubusang maunawaan at masuri ang produksiyon ng panitikang pambata sa Pilipinas.
- Makatutulong kung susuportahan ang produksiyon ng mga aklat pambata na hindi karaniwan ang anyo at itsura. Gasgas na anyo na ang 32 pahina na format (anyong picture book). Susulong ang anyo kapag hindi ito magpapakulong sa pormula.
- Masamang kalakaran sa panitikang pambata sa ikatlong dekada ang ugaling ningas-kugon: nagkainteres sa nobelang young adult, agad ding nawala. Napasimulan ang Gawad Komisyon sa Kuwentong Pambata at Pilar Perez Medallion, naglaho rin pagkaraan ng dalawang taon. Nakatatakot ang ganitong problema sa interes noong 2009 sa mga dulang pambata at tulang pambata.
- Marapat na maitanghal ang mga dulang nakalap ni Arthur Casanova sa kaniyang mga antolohiya. Ang dula ay hindi lubusang matagumpay kapag hindi ito naitatanghal. Kaugnay nito, kailangan ding mailathala ang mga dulang pambata ni Prop. Amelia Lapena-Bonifacio, lalo na ang *Abadeja: Ang Ating Sinderela* at ang *Papet Pasyon* para sa kapakanan ng henerasyon sa kasalukuyan.
- Napapanahong maglabas ng isang refereed journal na ang tanging tuon ay panitikang pambata sa Pilipinas at/o araling pangkabataan.
- Marapat ding pasimulan ang pagsulat para sa bata at kritisismo ng mga akdang pambata sa mga antas gradwado sa mga unibersidad.

- Matinding problema ang *piracy* ng mga aklat pambata. Posible kayang maibaba pa ang presyo ng mga aklat pambata kung maaari namang ibaba ang halaga ng produksiyon?
- Kawawa ang mga bata sa kasalukuyan na napagkaitan ng programang pantelebisyon gaya ng *Batibot* at ng pambatang magasin gaya ng *Junior Inquirer,* sa ilalim ng pamamahala ni Natasha Vizcarra. Kung gayon, kailangang muling buhayin ang mga anyong ito ng panitikang pambata.
- Pangangalaga ng mga dokumento at manuskrito ng mga pangunahing manunulat at ilustrador para sa mga bata. Dapat manguna dito ang mga aklatang pang-unibersidad para makatulong sa mga iskolar na nagsasagawa ng pag-aaral.

## TIMELINE NG IKATLONG DEKADA NG PANITIKANG PAMBATA

2000—Pagbubukas ng The Children's Library-Ortigas sa taguyod ng Gokongwei Brothers Foundation. Nagsara ang aklatang ito noong Oktubre 2003 upang pasimulan ang dalawang children's library corner sa San Juan Municipal Library at Pasig City Library Learning Resource Center.

2000—Pagkakatatag ng ABC Educational Development Center, ang kauna-unahang palimbagan ng mga aklat pambata sa labas ng Metro Manila. Pinamumunuan ito ni Mary Ann Floresta ng Lungsod Kidapawan. Nalathala sa taong ito ang kaniyang mga aklat gaya ng *My Muslim Friend; Diola, Ang Bayani ng Philippine Eagle; Ang Mabahong Prutas;* at *The Kingdom with No Stories.* Mapapansin na may paksaing Muslim-Mindanao ang mga nalathalang aklat na ito.

2000—Pagkakalathala ng *12 Kuwentong Pamasko* (Tahanan Book for Young Readers) ni Rene Villanueva, mga guhit ni May M. Tobias.
2000—Pagkakalathala ng *A sea of stories: tales from Sulu* (Bookmark) ni Carla Pacis. Koleksiyon ito ng mga orihinal at muling pagsasalaysay ng mga kuwentong bayan ng nasabing probinsiya.

Nagwagi ang aklat na ito ng National Book Award para sa Aklat Pambata sa sumunod na taon.
Abril 2001—Pagbubukas ng The Children's Library-Imus sa taguyod ng Gokongwei Brothers Foundation.
Oktubre 2001—Pagbubukas ng The Children's Library-Novaliches sa taguyod ng Gokongwei Brothers Foundation.

2001—Pagpasinaya sa Pilar Perez Medallion for Young Adult Literature sa taguyod ng Filipinas Heritage Library. Sa dalawang taong patimpalak, nakapaglathala ang Adarna House ng apat na maikling nobela: *Jacobo's Ghost* ni Annette Flores Garcia, *Sup?* ni Maria Fres Felix, *Mga Ako* ni Amalia Salamat, at *Anina ng mga Alon* ni Eugene Y. Evasco.

2001—Pagkakatatag ng Sa Aklat Sisikat Foundation (SAS) sa tulong ng Petron Foundation, isang propesyonal na organisasyon na naglalayong palaganapin ang halaga at hikayat ng pagbabasa ng mga batang Filipino. Ilan sa gawain ng organisasyon ay pagpapayaman ng pampublikong aklatan at mga serye ng storytelling o salaysayan.

2001—Pagkakalathala ng *Jamin: Ang Batang Manggagawa* ni Jamin Olarita, aklat na isinulat ng isang batang manggagawa, inilathala ng Amado V. Hernandez Resource Center.

2001—Pagsisimula ng Lampara Publishing House bilang bagong tagapaglathala ng mga aklat pambata sa Pilipinas.

2001—Pagkakalathala ng seryeng Batang Historyador ng Adarna House sa tulong ng UNICEF. Tumatalakay ito sa iba't ibang danas ng batang Flipino kaugnay sa iba't ibang yugto ng kasaysaysan: *Si Diwayen, Noong Bago Dumating ang mga Espanyol*, *Si Segunda, Noong Panahon ng mga Espanyol* (Seryeng Batang Historyador, 2001), *Si Juanito, Noong Panahon ng mga Amerikano* (Seryeng Batang Historyador, 2001), *Si Pitong, Noong Panahon ng mga Hapon* (Seryeng Batang Historyador, 2001), at *Si Jhun-jhun, Noong Bago Ideklara ang Batas Militar.*

2001—Pagkakagamit ng *clay artwork* o likhang luad bilang ilustrasyon ni Jose Miguel Tejido sa kaniyang mga aklat na *Abot Mo Ba Ang Tainga Mo?* (2001), *Si Juanito Noong Panahon ng mga Amerikano* (2001), at *Si Dindo Pundido* (2002).

2001—Pagkakalathala ng *Once Upon a Time (Noong Unang Panahon),* muling pagsasalaysay ni Fran Ng sa piling akda ni Hans Christian Andersen ng Tahanan Books for Young Readers. Iginuhit ito ni Arnel Mirasol at isinalin sa Filipino ni Rene Villanueva.

2002—Nominasyon ni Rene Villanueva sa Hans Christian Andersen Award ng IBBY, ang pinakamataas na parangal sa sinumang may kontribusyon sa panitikang pambata ng daigdig. Si Aidan Chambers ng United Kingdom ang nagwagi ng medalya.

2002—Simula ng serye ng muling pagsasalaysay ng Carancal ni Rene O. Villanueva sa Lampara Books. Ang *Carancal, Ang Bayaning Isang Dangkal* ang unang aklat sa nasabing serye, at lahat ng ilustrasyon ay likha ni Kora Dandan-Albano.

2002—Pagkakalathala ng *The Little Angel Who Lost Her Wing* (Lampara Pub. House) ni Lian Kyle Dyogi, isang batang mag-aaral sa elementarya.

2002—Pagkakalathala ng pangkabataang bersiyon ng *Living with the enemy: a diary of the Japanese occupation* (Anvil Publishing) ni Pacita Pestano-Jacinto.

2002—Pagkakalathala ng Cacho Publishing House ng dalawang nobelang pangkabataan tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas. Ito'y ang *Adventures of a child of war* ni Lina Acacio-Flores at ang *Enrique el negro* ni Carla M. Pacis.

2002—Simula ng Barlaya Writing for Children Workshop sa taguyod ng Adarna at ng Filipinas Heritage Library. Nakatuon mula 2002-2006 sa mga akdang pambata ang palihan; nagtuon naman ang nasabing palihan sa panitikang pangkabataan noong 2007.

2002—Nalathala ang *Ang Mundo ni Leo* (UNICEF at Tahanan) ni Sacha Calagopi na pumapaksa

sa paghihilom ng batang naipit sa digmaan sa Mindanao.

2002—Pagkakalathala ng *Sabrina's Cookbook Diary* (Boobooks Publishing, Inc.), kuwento ni Fran Ng at mga recipe ni Ginny de Guzman. Nagwagi ito ng National Book Award for Children's Literature. Ito ang kauna-unahang aklat pambata na pinagsanib ang kuwento sa anyo ng talaarawan at mga recipe.

2003—Pagkakaloob ng Manila Critics' Circle ng National Book Award para sa young adult literature sa taong ito. Ang mga nominado sa taong ito ay ang *Senior's Ball* (Anvil) ni Rene O. Villanueva, *Una & Miguel ( A Long Shot at Love)* (Adarna) ni Lilledeshan Bose, *All The Right Moves* ni Tara FT Sering, at *Anina ng mga Alon* (Adarna) ni Eugene Y. Evasco. Pinagkalooban ng NBA ang *Anina*.

2003—Paglalathala ng Center for the Protection and Treatment of Child Sexual Abuse ng mga aklat pambata upang turuan ang mga bata sa konsepto ng pribadong katawan at ligtas na paghawak gaya ng *Ang aking aklat para sa pansariling kaligtasan* (2003), *Hoy bata! Mahalaga ka! Sina Biboy at Nina para sa patakaran ng ligtas na paghawak* (2006), at ang *Erika and Jay Learn the Touching Rules* (2005).

2003—Pagkakalathala ng talaarawan ni Cecilia Manguerra Brainard na nagtatampok ng kaniyang pagkabata at kabataan. Pinamagatan itong *Cecilia's diary 1962-1969* (Anvil).

2003—Pagkakalathala ng *War Make Me Sad* (ABC Educational Development Center) ni Mary Ann Floresta ng Kidapawan. Isa sa mga kauna-unahang aklat pambata na pumapaksa sa mga batang biktima ng digmaan sa Mindanao.

2003—Pagkakalathala ng Lampara Books ng serye ng mga pabula ni Aesop, na muling isinalaysay ni Boots Agbayani Pastor at iginuhit ni Jason Moss.

2003— Pagkakalathala ng *The Monkey and the Turtle: A Philippine Folktale* ng Tahanan Books for Young People. Ito ang kauna-unahang pagkakalathala ng bersiyon ni Jose Rizal, kalakip

ang orihinal niyang ilustrasyon, sa anyong picture book. Naunang nalathala ang nasabing kuwentong-bayan noong Hulyo 1889 sa *Trubner's Oriental Records* sa kanyang artikulong pinamagatang "Two Eastern Fables." Ang ilustrasyon ay unang iginuhit ni Rizal sa Paris noong Disyembre 1885; naiguhit ito sa album ni Paz Pardo de Tavera bilang tugon sa hiling na punuin ang huling limang pahina nito.

2003—Pagpapalabas ng *Magnifico* ni Maryo J. delos Reyes (dir.) (Violett Films Production), isang pelikulang pambata nagwagi ng Crystal Bear at ng Deutsches Kinderhilfswerk Grand Prix sa 2004 Berlin International Film Festival. Kinilala rin ito ng Urian, FAP, Golden Screen, at FAMAS bilang Best Picture.

2003—Pagkakalathala ng *Growing Up Filipino: Stories for Young Adult* ni Cecilia Manguerra Brainard (ed.) (PALH, 2003; Anvil,2004), kauna-unahang antolohiya ng mga katha at salaysay ng pagiging kabataan.

2003—Pagkakalathala ng seryeng Batang Katutubo ng Adarna House sa tulong ng UNICEF. Binubuo ito ng limang aklat: *Ang Paaralan ni Fuwan*, tungkol sa batang Bontoc na nais mag-aral ngunit kailangang magtrabaho sa bukid; *Gustong Mag-aral ni Sula*, batang T'Boli na nais ring matuto; *May Kapatid na si Mungan*, tungkol sa pamilyang Manobo; *Bahay ng Maraming Masasayang Tinig*, tungkol sa diskriminasyon sa batang Badjao; at *Ang Ibay ni Miana*, kuwento ng pagkakaibigan ng isang Agta at isang taga-kapatagan.

2003—Pagkakalathala ng *Mga Kutitap ng Pag-asa (Glimmers of Hope)* ni Rene Villanueva (ed.) ng World Vision Development Foundation. Naglalaman ito ng siyam na kuwento tungkol sa tunay na karanasan ng mga batang nasa pangangalaga ng programang World Vision.

2004—Paglalaan ng *Diliman Review,* akademikong journal ng UP Diliman, ng isang isyu para sa mga pagsusuri ng panitikang pambata. Kabilang sina Ani Almario, Eugene Evasco, at Luna Sicat sa nag-ambag ng pananaliksik para sa isyu. Mayroon din itong mga malikhaing akda para sa bata.

2004—Pagkakalathala ng *Mama's House, Papa's House* (Adarna) ni Jean Lee Patindol, illus. Mark Ramsel Salvatus, tungkol sa pakikipamuhay ng mga batang may hiwalay na mga magulang.

2004—Pagkakalathala ng kauna-unahang halos wordless na picture book at *digitally mastered* na ilustrasyon na *I Don't Like to Eat* (Adarna) ni Marcus Nada.

2004—Paglalathala bilang picture book ng mga piling kuwento buhat sa *Mga Kuwento ni Lola Basyang* ng Anvil Publishing.

2004—Pagsisimula ng serye ng siyensiya ng Aklat Adarna. Ilan sa mga aklat ay ang *Hipon and Biya* ni Carla Pacis, ilustrasyon ni Joanne de Leon, tungkol sa mutual na relasyon ng mga hayop; *Polliwog's Wiggle* ni Heidi Abad, ilustrasyon ni Beth Parrocha-Doctolero, tungkol sa pagbabanyuhay ng butete; at ang *Mr. Beetle's Many Rooms* ni Robert Magnuson, tungkol sa buhay ng isang halaman.

2004—Paglalathala ng Ayala Foundation ng mga aklat pambata batay sa mga obra nina Fernando Amorsolo, Juan Luna, at Fernando Zobel. Isinulat ang mga kuwento nina Carla Pacis, Rene O. Villanueva, at Ma. Elena Paterno.

Setyembre 2004— Paglabas ng bukas na liham ni Carla Pacis sa mga internet sites. Naglalaman ito ng kaniyang hinaing at hiling sa mga miyembro ng Manila Critics' Circle kaugnay sa pamumuna at pagtitimbang ng mga aklat pambata at pangkabataan (young adult). Inakusahan ng nasabing grupo ng mga kritiko na kulang sa orihinalidad ang mga aklat pambatang nailathala noong 2002. Walang naideklarang nominado at nagwagi para sa aklat pambata noong 2003. Kinuwestiyon din ni Pacis ang pagwawagi ng *Almost Married* ni Tara FT Sering sa kategoryang "young adult."

Nobyembre 2004—Pagkakalathala ng *The molave and the orchid and other children's stories* (Solidaridad Pub. House) ng Pambansang Alagad sa Sining F. Sionil Jose.

2005—Ika-25 taon ng Adarna House, ang kauna-unahang tagapaglathala ng mga aklat pambata sa Pilipinas.

2005—Pagkakalathala ng *100 Questions Filipino Kids Ask* (Adarna House) na dagdag sa kategorya ng aklat impormasyonal para sa mga bata.

2005—Pagkakalathala ng *The Rene O. Villanueva Children's Reader* (Cacho Publishing House) na naglalaman ng mga kuwentong nalathala, di pa nailalathalang kuwento, dula, at mga awiting pambatang naisulat ni Rene O. Villanueva. Nalathala rin ang kaniyang *Dalawang Villanueva* (UST Publishing House) na naglalaman ng isang nobelang pangkabataan at isang dula tungkol kay Hans Christian Andersen sa konteksto sa lipunang Filipino.

2005—Pagsisimula ng Center for Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS) ng paglalathala ng mga aklat pambata. Pagkaraan ng isang taon, naitatag nila ang Romeo Forbes Children's Literature Initiative at ang patimpalak para sa pagsulat ng kuwentong pambata batay sa isang sining biswal. Katuwang ng organisasyong ito ang UST Publishing House at Adarna House sa paglalathala ng mga aklat pambata.

2005—Pagkakalathala ng *Barefoot in Fire: A World War II Childhood* (Tahanan) ni Barbara-Ann Gamboa Lewis, mga larawan ni Barbara Pollak. Ito ay isang awtobiyograpikal na nobelang pangkabataan na tumalakay sa pagkabata ng isang babae sa Maynila noong dekada 1940.

2005—Simula ng *Wan Dey, Isang Araw,* isang programang panradyo ng DZAS-AM tuwing Sabado, 9:00-9:30 ng umaga na nagtatampok ng pagsasalaysay ng Alitaptap Storytellers Philippines sa mga aklat pambata ng mga Filipino at may kasama pang interbyu sa tampok na manunulat. Proyekto ito ng PBBY at ng CCP at si Luis Gatmaitan ang host ng programa.

2005—Pagpapalabas ng *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros (The Blossoming of Maximo Oliveros)* (dir. Auraeus Solito, UFO Pictures), nagwagi ng Grand Prize sa Deutsches Kinderhilfswerk (Children's Film Festival) ng 2006 Berlin Film Festival.

2005—Pagkakalathala ng *Mga Piling Dulang Pambata* ni Arthur Casanova (ed.) (UST Publishing House) na naglalaman ng mga dulang pambata ng kilalang mandudula sa Pilipinas gaya nina Tony Perez, Ruth Elynia Mabanglo, Edna Mae Landicho, Rene Villanueva, at Frank Rivera. Taong 2009 nailathala ang ikalawang tomo ng aklat na ito na nagtatampok ng mga dula nina Eugene Evasco, Luna Sicat, Isagani Cruz, Malou Jacob, at Alberto Florentino.

2005—Pagkakalathala ng Cacho Publishing House ng nobelang pangkabataan na maikakategorya bilang *contemporary problem novel.* Pinamagatan itong *Playing it safe* ni G.T. Los Banos.

Abril 2006—Pagdaraos ng Tamaraw Writeshop for Children's Literature sa Baguio City, sa taguyod ng Far Eastern University. Nalathala rin ang *Bul-ol: The First Tamaraw Anthology of Short Stories for Children* na nagtatampok sa mga bagong akda ng mga fellow sa nasabing writeshop. Nalathala rin dito ang "Mga Ikaklit sa Aming Hardin" ni Bernadette Neri, isang kuwentong pambatang pumapaksa sa magulang na lesbiyana.

2006—Pagkakalathala ng *Of jars and weaves, terraces and beads: icons of our living culture* (HSBC) nina Carla Pacis at Heidi Abad, illus. Jeannie Javelosa. Naglalaman ito ng maikling sanaysay at kuwento kaugnay sa mga pangkulturang pagkakakilanlan ng bansa.

2006—Pagsisimula ng paligsahang Mga Kuwentong Pambata ng Papica Foundation para sa mga batang manunulat. Ang 15 nagwaging akda ay tinipon at inilathala bilang *May Kuwento Po Ako* at naglalaman ng mga ilustrasyon buhat sa mga kasapi ng Ilustrador ng Kabataan (InK).

2006—Pagkakalathala ng Tahanan Books for Young Readers ng *Long Ago and Far Away (Sa Dako Pa Roon),* muling pagsasalaysay ni Fran Ng sa mga akda ng Brothers Grimm. Isinalin ito sa Filipino ni Rene Villanueva at iginuhit ni Arnel Mirasol.

2006—Pagsisimula ng serye ng mga kuwentong-bayan tungkol sa hayop na muling isinalaysay at igunuhit ni Jose Miguel Tejido para sa LG&M Corporation/ Vibal Books. Ito ay ang *Why do*

*turtles carry their homes?* at ang *Why do squids squirt ink?*. Kapansin-pansin ang natatanging estilo ni Tejido sa ilustrasyon na gumagamit ng banig.

2006— Pagkakalathala ng *Kasaysayan at Pag-unlad ng Dulaang Pambata* (UST Publishing House) ni Arthur Casanova. Nagwagi ang nasabing aklat ng National Book Award-Best in Cultural Studies ng Manila Critics' Circle noong 2007.

2006— Pagkakalathala ng kauna-unahang "*interactive book*" o "*toy book*" sa Pilipinas. Nailathala ni Jomike Tejido ang *Dinosaur Pop-Up Activity Book* (Adarna, 2006). Nasundan ito ng *Foldabots* noong 2008.

2006—Pagkakalathala ng *Bagets: An Anthology of Filipino Young Adult Fiction* nina Carla Pacis at Eugene Evasco (eds.), kauna-unahang antolohiya ng mga kuwentong sadyang isinulat para sa mga kabataan. Naging finalist ang aklat na ito sa Gintong Aklat Award.

2006—Pagkakalathala ng *Hale, Hale, Hoy!* (Adarna), kalipunan ng mga berso, tugma, bugtong, awiting-bayan, at tulang-bayan para sa mga bata. May lakip ng mga teksto ng mga ilustrasyon buhay sa Ilustrador ng Kabataan. Katangi-tangi ang antolohiyang ito dahil sa pagtatampok ng mga tulang hindi didaktiko na laganap sa mga teksbuk para sa mga batang mag-aaral.

2006—Pagkakalathala ng *Bad Kings* (Anvil) ni Gilda Cordero-Fernando. Naglalaman ito ng apat na kuwento. Ang unang tatlo ay kuwento kaugnay kay Horgle. Ang unang kuwento, ang "Horgle and the King's Soup," ay dating nalathala bilang aklat pambata ng Pamana noong 1965. At ang huli'y muling pagsasalaysay ng Ulahingan na pinamagatang "Trip to Heaven." Nagwagi ito ng National Book Award para sa Panitikang Pambata sa sumunod na taon.

2007—Pagkakalathala ng mga batang manunulat. Nalathala ang nobelang *The Talisman Unsealed* (centralbooks) ni David R. Ples, 13 taong gulang at ang picture book na *You're a Star* (LG&M Corporation) ni Isabelle Clarisse Juria, walong taong gulang.

2007—Pagkakalathala ng *101 Filipino Icons* (Adarna House) na dagdag na aklat sa larangan ng

impormasyonal at kultural na aklat para sa batang mambabasa.

2007—Pagkakalathala ng Cacho Publishing House ng nobelang pangkabataan na maikakategorya bilang *contemporary problem novel.* Pinamagatan itong *I Hate My Mother!* ni Perpilili Tiongson.

Hulyo 2007—Pagdaraos ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata sa taguyod ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at ng NCCA. May temang "Tungo sa Gintong Panahon sa Panitikang Pambata" at si Prop. Virgilio S. Almario ang nagsilbing pambungad na tagapagsalita. May mga binasang papel tungkol sa peace education, rehiyonal na panitikang pambata, estetika ng aklat pambata, historikal na kathang pambata, tulang pambata, mga aklat ng impormasyon, konsepto ng bayani, at ang produksiyon ng mga aklat pambata.

Hulyo 2007—Pagkakaroon ng sangay o seksiyon ng mga aklat pambata sa National Library of the Philippines.

2007—Pagsisimula ng Gawad Komisyon sa Kuwentong Pambata sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino.

2007—Pagsisimula ng serye ng Matematika ng Aklat Adarna. Mga kuwento ito na nagtatampok ng mga panimulang konsepto sa matematika. Isinulat ni Russell Molina ang dalawang aklat sa serye: ang *Lola Puti* at ang *Sampu Pataas, Sampu Pababa.*

2007—Paglalathala ng LG&M Corporation, kompanya ng Vibal Books, ng serye ng retelling ng mga epikong Filipino. Ilan sa mga nalathalang muling pagsasalaysay ay ang *Aliguyon at Pumbakhayon: Mga Bayaning Mandirigma ng Ifugao, Pangako ng Nalandangan,* at *Naglakbay si Tulalang sa Araw at Buwan,* mga kuwento ni Eugene Y. Evasco at mga guhit ni Ferdinand Doctolero.

Pebrero 2007—Paglulunsad ng tatlong aklat pambata tungkol sa mitolohiyang Griyego ng

Tahanan Books for Young Readers. Ito ay nasa anyong *bilingual flip books* na muling isinalaysay ni Peggy Manuel, isinalin sa Filipino ni Rene Villanueva, at iginuhit ni Rita Badilla-Gundino. Ang mga tampok na aklat ay ang *Melampus and the Snakes, Odysseus and the Cylops,* at *The Trojan Horse*.

Mayo 2007—Paglalathala ng dalawang retelling ng epikong Hudhud ng mga Ifuago sa tulong ng National Commission for Culture and the Arts. Pinamagatang *Pumbakhayon* at *Halikpon* ang mga aklat, muling isinalaysay ni Mae Astrid Tobias, iginuhit ni Jose Miguel Tejido, at isinalin sa Ifugao ni Maribelle Bimohya. Libre itong ipinamimigay ng NCCA sa mga batang mag-aaral na Ifugao.

Agosto 2007—Pagkakalathala ng mga aklat pambata na nagtatampok sa buhay ng mga dakilang Asyano. Kilala ito bilang serye ng Great Men and Women of Asia na itinaguyod ng Bookmark at ng Ramon Magsaysay Award Foundation.

Disyembre 5, 2007—Kamatayan ni Rene O.Villanueva, ang itinuturing na "Ama ng Modernong Panitikang Pambata" sa Pilipinas.

Disyembre 2007—Pagkakalathala ng kuwentong pambata tungkol sa pagkabakla, ang "A Different Rabbit" ni Ian Casocot sa *Ladlad 3: An Anthology of Philippine Gay Writing.*

2008—Ika-25 taon ng Philippine Board on Books for Young People (PBBY) at ang kanilang pagdaraos ng National Children's Book Day tuwing ikatlong linggo ng Hulyo.

2008—Pagpapalabas ng *Urduja* (dir. Reggie Entienza, APT Entertainment) at *Dayo: Sa Mundo ng Elementalia* (dir. Robert Quilao, Cutting Edge Productions), mga unang full length animated feature para sa bata.

2008—Pagkakalathala ng *Children of Two Seasons: Poems for Young People* (Anvil) ni Lara Saguisag na nagwagi ng 2006 Writing for Children Chapbook Series na itinaguyod ng The New School sa New York.

2008—Pagkakalathala ng *10 Kuwento ni Kuya Nats* (Morlanda Publishing) antolohiya ng mga kuwentong pambata ni Renato Vibiesca. Nagwagi ang aklat na ito sa 2008 Best Book in Youth and Children ng CMMA.

2008—Pagkakalathala ng board book para sa mga sanggol edad 1 hangang 2. Pinamagatan itong *The World Around Me (Ang Aking Paligid)* (Adarna House) na may dalawang bersiyon. Nilalayon ng mga aklat na ito na ipakilala sa mga bata ang mga karaniwang bagay gaya ng muwebles, damit, sasakyan, alagang hayop, at ang kalikasan.

Hunyo 2008—Pagkakalathala ng *The Night Monkeys: More Palanca Prize Winners for Children* (Tahanan), kalipunan ng mga nagwaging kuwentong pambata sa Ingles. Ito ang pangalawang tomo ng mga piling nagwaging akda sa nasabing patimpalak.

Hulyo 2008—Ika-25 taon ng Philippine Board on Books for Young People (PBBY).

Hulyo 2008—Pagsasadula ng premyadong aklat pambata sa Virgin Labfest 4 ng Tanghalang Pilipino. Ang mga tampok na aklat na isinadula ay ang *Terengati, Uuwi na ang Nanay Kong si Darna,* at ang *Bru-ha-ha-ha-ha-ha, Bru-hi-hi-hi-hi-hi.*

Nobyembre 2008—Pagkakatatag ng Pilandokan, Inc. (National Research Society for Children's Literature), samahan ng mga kritiko at iskolar na nakatuon sa panitikang pambata at pagkabata sa Pilipinas. Pormal ding nailunsad at itinanghal ang Rene O. Villanueva Seryeng Panayam (RVSP), mga lektura bilang alaala sa yumaong manunulat.

2009—Paglalathala ng tatlong aklat pambata sa seryeng Kuwentong Katutubo, isinulat ng mga Aeta at Mangyan sa taguyod ng Pamulaan Center for Indigenous People's Education. Nakasulat ito sa katutubong wika at may salin sa Ingles at sa Filipino. Ito ang mga sumusunod na mga aklat: *Diya, Kanyam Buay* (*The Land is Our Life*) nina Alangan-Mangyan Ma. Dolores Andrinay, Ligaya Lintawagin at Resureccion Taywan, iginuhit ni June Anthony Galicia; *In Agpalkuyugan Pepito* (*The Journey of Pepito*) ni Pepito Caquipotan, iginuhit ni Roger Pumihic; at *Istorya na*

*Lima a Dinum* (*The Legend of the Five Rivers*) ni Carlos David at iginuhit nina Avid Sanchez, David Pantaleon, at Roger Pumihic.

2009—Pagsisimula ng seryeng Juan Tamad ng Lampara Books. Tatlo na ang muling isinalaysay ni Renato Vibiesca—*Juan Tamad Became a Carabao, Juan Tamad and the Rice Cakes,* at *Juan Tamad Became a Seer.*

Enero 2009—Simula ng tinatawag na "Great Book Blockade" (mula sa winika ni Robin Hemley) nang inihinto ang pagdating ng mga aklat sa bansa dahil sa pagpataw ng buwis sa anumang aklat galing sa ibang bansa na hindi teksbuk. Napansin ng mga taga-Customs ang pagdagsa ng nobelang pangkabataang *Twilight* ni Stephanie Meyer, kaya naisipang patawan ito ng buwis. Malinaw na paglabag ito sa nilagdaang Florence Agreement na nagsasaad na: "Under the Agreement, books, newspapers, periodicals and many other categories of printed matter are granted duty-free entry. Printed music, maps and even tourist posters are similarly exempt. All the items of this annex to the Agreement, except architectural plans and designs, enjoy exemption from customs duties regardless of destination. Books are the most important category. The exemption granted to books is not subject to any qualifications as to their educational, scientific and cultural character." Noong Mayo 25, 2009, naitigil na rin ang paghahadlang at ang pagpataw ng buwis sa mga angkat na aklat.

Marso 2009—Nominasyon kay Albert Gamos at sa Adarna House sa Astrid Lindgren Memorial Award, ang pinakamalaking gantimpala para sa tagapagsulong at manlilikha ng panitikang pambata. Nagkakahalaga ng 5 milyong Swedish krona (31 milyong piso) ang gantimpala. Tamer Institute for Community Education ng Palestine ang nagwagi sa nasabing gawad.

Abril 2009—Pagsisimula ng kategoryang Tulang Pambata sa Filipino at sa Ingles sa taunang timpalak ng Palanca.

Abril 2009—Pagkakalathala ng *For Children, By Children: Stories in Their Own Words and Pictures* sa taguyod ng Save The Children ng West Visayas. Naglalaman ito ng mga kuwento at ilustrasyon

ng 28 manunulat at ilustrador na may edad mula 11-14, na nasa wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Filipino. Ilan sa mga paksain ng kuwento ay sanitasyon, kapaligiran, karagatan, nutrisyon, at kagubatan.

Hulyo 2009—Pagkakalathala ng *Kasaysayan at Pag-unlad ng Dulaang Pantinedyer sa Pilipinas* (UST Publishing House) ni Arthur Casanova.

Hulyo 2009—Pagdaraos ng Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata ng Pilandokan, Inc. at ng NCCA na may temang "Ang Panitikang Pambata sa Edukasyon." Si Dr. Rosario Torres-Yu ang magsisilbing pambungad na tagapagsalita sa kumperensiya.

Hulyo 2009—Pag-anunsiyo ng PBBY na isang patimpalak sa panulaan para sa bata para sa kanilang taunang Salanga Writer's Prize. Ito ang kauna-unahang patimpalak ng organisasyon para sa tulang pambata. Bumalik muli sa kuwento sa mga susunod na taon.

Hulyo 2009—Paglulunsad ng *Displaced* (Adarna, 2009) ni Aneka Rodriguez, ang kauna-unahang verse novel para sa mga kabataang mambabasa.

Nobyembre 2009—Paglulunsad ng tatlong aklat pambata (sa taguyod ng Ayala Museum) tungkol sa engkuwentro ng bata sa mga likhang-sining nina Arturo Luz, Anita Magsaysay-Ho, at Joe Mendoza. Pinamagatan itong *Tito Arturo Makes Robot Monsters* ni Yasmin Ortiga, *Laughter on the Wall* ni Germaine Yia, at *Looking Out for Heroes* ni Glenda Oris.

Nobyembre 4, 2009—Kamatayan ni Albert Gamos, isa sa mga haligi ng mga ilustrador para sa mga aklat pambata sa Pilipinas.

Disyembre 2009—Pagsisimula ng blog ni Tarie Sabido na *Asia in the Heart, World on the Mind* na naglalaman ng rebyu, balita, at mga interbyu sa mga Pilipino at iba pang Asyanong manunulat at ilustrador para sa mga bata.

## MGA SANGGUNIAN


"Adarna Picture Book Art: 25 Years of Capturing the Imagination." Abril 19, 2005. Web. June 8, 2009. <http://www.adarna.com.ph/news.php?ifilter=newsdetails&itemid=140>.

Almario, Virgilio S. et. al. (mga ed.). *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines.* Pasig: Anvil Publishing Inc., 1994. Nakalimbag.

"Brief History." Web. Hunyo 8, 2009. <http://www.childrenslibrary.net/AboutUsHistory.html>.

Burgos, Nestor P. "A children's book written by children" *Philippine Daily Inquirer* May 9, 2009. Web. Hunyo 8, 2009. <http://newsinfo.inquirer.net/inquirerheadlines/regions/view/20090509-203977/A-childrens-book-written-by-children>.

Doyo, Ma. Ceres P. "Mangyan, Aeta folk write own story book" *Philippine Daily Inquirer* Jan. 26, 2009. Web. Hunyo 8, 2009. <http://newsinfo.inquirer.net/inquirerheadlines/nation/view/20090126-185566/Mangyan-Aeta-folk-write-own-storybooks>.

Hemley, Robin. "The Great Book Blockade of 2009" Jan. 26, 2009. Web. Hunyo 8, 2009. <http://www.mcsweeneys.net/links/manila/1dispatch6.html>.

Pacis, Carla M. "An Open Letter to the Members of the Manila Critics Circle" Setyembre 2004. Web. Hunyo 8, 2009. <http://www.livinginthephilippines.com/philculture/culture&arts/open_letter.htm>.

Quezon III, Manuel L. "The Great Book Blockade of 2009: Timeline and Readings (Victory edition). May 10, 2009. Web. Hunyo 8, 2009. <http://www.quezon.ph/2009/05/10/the-great-book-blockade-of-2009-timeline-and-readings/>.

Tolentino, Rolando B. "Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media, at Diskurso ng Bata" *Malay,* Vol. 21, No.1, 2008.